


Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl

Pebrero 2021



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang aming page!

Nababago ng Panalangin ang mga Pusong

Ni Bre Uzzell



"Baguhin moa ko, O Diyos. Baguhin moa ko, O Diyos. Huwag Mong hayaan na hindi ako magbago. Gusto kong maging mas kagaya Mo. Kunin mo ang buhay ko. Gawin Mo kung anong gusto Mo sa buhay ko. Panginoon, baguhin Mo ako. Baguhin Mo ako."

Ang mga salita sa kantang ito ang nasa isip ko habang sinusulat ko ang artikulong ito. Nababago ng Panalangin ang mga puso, ngunit ang pinaka- importanteng pagbabago ay ang sarili mong puso. Nakasulat sa Mga Awit 51:10 ang dasal ni David, "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." Napaka-importante na magpatuloy na manalangin at huwag sumuko.

Noong bago palang kaming kasal, ang aking asawa ay dumanas ng pagsubok spiritually at tumalikod sa gawain ng maraming taon. Ang aming anak ay maliliit pa noon. Nag-alala ako na baka makaranas din sila ng pagsubok spiritually. Nung panahong iyon, dalawang scriptures ang aking pinagdadadal, Mga Awit 23 at 2 Cronica 7:14. Naniniwala ako na hindi lamang ang puso ng aking asawa ang binago ng panalangin ito, kundi pati na rin sa akin. Ang Panginoon ay aking pastor, at Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan araw-araw. Kung hindi ako nagdasal araw-araw na baguhin ng Panginoon ang puso ng aking asawa, hindi ko din sana nahayaan ang Panginoon na palambutin ang aking puso. Salamat sa Diyos, nakinig ang aking asawa sa tawag Niya at nagpakumbaba siya at bumalik sa pagsamba. Hindi lang siya basta nagsisimba ngayon, kundi naging lisensyadong ministro kung saan siya ay nagtuturo at nangagalar ng may anointing. Ang dalawa naming anak ay nagsisilbi din sa Panginoon; pareho silang Bible Quizzers at nagpapagamit sa anumang ministry na kailangan ang tulong nila. Nagpapasalamat ako sa Panginoon na pinakita Niya sa akin ang pagpapala sa aking labak.

Minsan pakiramdam natin na dinadaganan tayo ng buhay. Bilang mga asawa at ina, maaaring magkaroon tayo ng mas mabigat na pasanin- kailangain nating mag-iskedyul, mag-ayos ng bahay, alagaan ang ating pamilya. Pag may mali minsan, maaaring nakakapang-lipos ito. Lalo na ngayong taon, maraming pamilya ang nanlilipos. Marami ang naghihirap dahil sa nawalan ng

trabaho o nawalan ng suweldo dahil sa quarantine. Kagaya ni David, kailangang ibuhos natin ang ating sarili sa panalangin. Ang panalangin ang makakapagpabago kung paano natin tignan ang ating sitwasyon. Maaaring mahirap ngayong buwan na ito. Mahirap bayaran ang mga bayarin, ngunit tignan natin ang mga pagpapala- pinu-protektahan tayo ng ating Panginoon dahil meron pa tayong tirahan. Kasama natin ang ating pamilya. Nagsisilbi ang ating mga anak sa Panginoon. Pinagpapala tayo.

Baguhin mo ang puso ko, Panginoon. Tulungan moa ko na makita ang mga pagpapala kahit sa aking mga pagsubok.

Note: Si Bre Uzzell ay asawa ni Reverend Steve Uzzell at ina ng dalawang anak na lalake. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng French sa Ste. Genevieve, Missouri. Nagsisimba siya sa Bluff City Apostolic Worship Center sa Poplar Bluff, Missouri, Pastor Dustin Williams.

Panalangin Mula sa Bahay

Ni Darla Brochu



Natatandaan ko pa kung gaano kami kasabik noong nalaman naming na buntis ako sa aking panganay. Hindi kami makapaghintay na makilala na ang aming anak na lalake- kalungin siya, paliguan ng may pagmamahal, at alagaan. Mga bata pa kami noon, wala masyadong karanasan, at oo, walang muwang. Hindi nagtagal, napagtanto namin na kailangan naming ituro sa batang ito ang lahat. Bilang mga magulang, kailangan mabigyan namin ang aming anak ng mga kailangan niya upang mabuhay at magtagumpay.

Bilang mga magulang, responsibilidad natin na ipakilala si Hesus sa ating mga anak at turuan silang manalangin. Ang panalangin ay parang pakikipag-usap sa Panginoon. Dapat maturuan silang magdasal bago pa man sila makapag-salita. Paano? Hayaan mo silang makita at marinig ka nila habang pinagdadadal mo sila.

Habang sila ay lumalaki at marunong ng magsalita, maaring ipa-ulit mo sa kanila ang sasabihin mo. Ginawa namin ito lalo na bago matulog. Ang dasal namin na pagpalain ng Panginoon si Nanay, Tatay, at si Bootsie (aming pusa). Noong sila ay mas lumaki pa, hinahayaan ko na sila na ang manguna sa pagdadadal habang ako ay nakikinig. Napaka-importante na isama ninyo ang inyong anak sa ritwal ng pagdadadal araw-araw.

Kinamamayaan, meron kaming oras na magdasal bilang isang pamilya habang nagpapatugtog kami ng mga kantang Kristiyano. Madalas meron silang "prayer request." Inaasahan namin naming na manalangin sila kasama namin; bawal ang laruan o libro. Kapag napagod na sila, maari silang tahimik na mahiga sa sahig upang matulog. Nakita nila kaming magdasal, at sa pamamagitan ng pagsama sa kanila, naipakita namin ang importansya ng panalangin sa buhay natin.

Kung malalaki na ang mga anak mo, hindi pa huli ang lahat para turuan silang manalangin. Walang malayo sa katotohanan. Hindi kalianman magiging huli na ang lahat upang matutong manalangin.

Paano baa ko magdadadal- ano ang sasabihin ko?? Ang 'sandwich' illustration ng panalangin ang ginamit namin.

Ibabaw na tinapay: Papuri – bigyan ng papuri at kaluwalhatian ang Panginoon

Letsugas: Kapatawaran – humingi ka sa Kanya ng kapatawaran sa lahat ng mga kasalanan mo.
Keso: Pangagailangan – maaring makarinig ka ng mga cute na bagay dito- para sa aming anak na babae, tuta ang nasa unahan ng kanyang panalangin (Oo, nagkaroon siya ng isa).
Karne: Kalooban ng Panginoon – Ang kalooban mo, O Diyos ang matupad.
Ilalim na tinapay: Papuri - ulit!

"Ako'y tumawag sa iyo, sapagka't ikaw ay sasagot sa akin, Oh Dios: Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin, at dinggin mo ang aking pananalita." (Mga Awit 17: 6).

"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6).

Note: Sina Paul at Darla Brochu ay mga missionaries sa France ng 27 na taon. Meron silang 2 anak na sina Justin and Danae, at dalawang apo.

Palakihin ang mga Bata na may Pagmamahal sa Diyos

Ni Raina Hinton



Lumaki akong anak ng pastor buong buhay ko. May tatlo akong kapatid, lahat sila ay may asawa at anak na, at lahat sila ay nagsisilbi ng tapat sa maraming aspeto ng simbahan. Kaya maraming nagtatanong sa akin "Paano kayong lahat lumaki na aktibo sa simbahan? Ano ang sikreto ng inyong mga magulang?"

Sinusulat ko ang artikulong ito hindi para magyabang. Marami din kaming pagkakamali, at maniwala kayo, madami din kaming pagtatalo; pero hindi kami minsan man naghiwalay dahil sa pundasyon kay Cristo na nabuo namin sa tulong ng aming mga magulang.

Nakasulat sa Kawikaan 22:6, "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." Kaya gusto kong ibahagi ang ilan sa mga patnubay ng aming mga magulang upang manatili kami sa ganitong landas.

1. Bawat pagkakataon na meron kayo, dalhin niyo ang mga anak niyo sa simbahan. Sunday school, aralin ng mga kabataan, araw ng trabaho, outreach, prayer nights, atbp. Nagtatrabaho ng full time ang aking ina, maliban dito siya ay isa ding asawa ng pastor kaya hindi madali, ngunit prayoridad nila ang simbahan. Hindi sila nagbago tungkol dito. At saka meron silang kasunduan na hindi nila paparusahan ang mga anak nila na huwag dumalo ng simbahan o mga aktibidad ng simbahan kapag nagkasala. "Nagkamali ka kaya hindi ka muna makakasama sa youth outing niyo." Ang church outings ay hindi karangyaan, ito ay kailangan! Mas lalo nating napagtanto sa nakaraang taon kung gaano kaimportante ang paglaanan ng oras ang pamilya natin sa Panginoon.

2. "Dahil sinabi ko". Hindi ito ginamit na sagot ng aking mga magulang kapag may tanong kami tungkol sa mga prinsipyo ng Bibliya at paniniwala. Maaring may mga tao na dahil nagtanong ang isang bata ng "bakit?" ay nag-iisip na itong tumalikod. Hindi, napakagandang pagkakataon ito na magkaroon ng biglaang Bible study. Hindi "Dahil sinabi ko" ang matibay na pundasyon. Ipakita mo sa kanila kung anong nakasulat sa Bibliya kung saan nanggagaling ang mga paniniwala at prinsipyo na tinuturo mo sa kanila.

3. Piliin mong magmamahal at magpatawad araw-araw. Hindi ko naisip kahit minsan na hindi ako mahal ng aking mga magulang. Kahit may pagtatalo sampung minuto ang nakalipas, ang pagmamahal nila ang lagi nilang pinapakita. Upang maituro ang pagpatawad, kailangan ipakita mo

sa kanila na pareho kayo dapat magpatawad. Dapat marunong din humingi ng tawad ang magulang kagaya ng kanilang anak.

4. Humingi ka ng tulong. Kung kailangan mo ng tulong para sila ay makapag-simba, kung kailangan mo ng payo, kung nararamdaman mon a sobrang bigat na... humingi ka ng tulong. Katawan tayo ni Cristo! Nakasulat sa Bibliya sa 1 Mga Taga-Corinto 12:12 "Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo."

Mga magulang, nagsasakripisyo kayo araw-araw para sa inyong mga anak, at ito ay isang paalala upang hindi ninyo makaligtaan ang isa sa kanila. Nandito ako ngayon at nagbibigay papugay sa aking mga magulang sa lahat ng sakripisyo nila para sa aming magkakapatid. Magpakatibay kayo. Ipinagkatiwala ng Panginoon sa inyo ang inyong mga anak; naniniwala Siya sa inyo.

Note: Si Raina Bibb Hinton ay pinanganak at lumaki sa Phoenix, Arizona. Sila ng kanyang asawa ay kasalukuyang nagsisilbi sa e music and youth ministries at ang kaniyang pastor ay ang kanyang ama.

Mula sa editor



Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew
Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: [Ladies Prayer International](#)

or email request to: LadiesPrayerInternational@aol.com

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa

kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayriang ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (I Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).